



Winnowing: Doing Filipino Philosophy

Pagtatahip: Pamimilosopiyang Pilipino

B. Moreno Bragas
University of the Philippines Los Baños
bmbragas@up.edu.ph

DOI: <https://doi.org/10.70922/txjpk069>

Copyeditor: GERLIE C. OGATIS

[Submit to this journal](#)

[Other related articles](#)

Announcements

[Other PUP Journals](#)

Other citation formats:

Article History:

Received: September 30, 2025

Accepted: October 23, 2025

Revised: November 26, 2025

How to Cite this paper:

Bragas, B. Moreno. "Pagtatahip: Pamimilosopiyang Pilipino." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 181–200. <https://doi.org/10.70922/txjpk069>.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Winnowing: Doing Filipino Philosophy

Pagtatahip: Pamimilosopiyang Pilipino^{1*}

B. Moreno Bragas

University of the Philippines Los Baños

bmbragas@up.edu.ph

Abstract

This paper explains that the way Filipinos were molded cause paradoxes and ambiguities in the way we philosophize. It is then necessary to do pagtatahip (to winnow, as a way of nuancing) for a Filipino Philosophy. This is evident in the philosophical elucidation in the concept of loob by Fr. Alejo.

In this kind of nuancing, it is evident that Filipino concepts are not outrightly contradictory and not just deliberate acceptance of contradictories. The concept winnowed allows constructing a liberating Philosophy appropriate for a Filipino Philosophy.

Keywords: *pagtatahip, Pilosopiyang Pilipino, paradox, ambiguity, loob, Alejo*

Abstrak

Pinapaliwanag sa papel na ito na ang pagkakahubog ng mga Pilipino ang nagdudulot ng kabalintunaan at kalabuan sa ating pamimilosopiya. Kaya naman dapat magtatahip para sa isang Pilosopiyang Pilipino. Nakita ito sa pilosopikong pagpapaliwanag sa konsepto ng loob ni Pr. Alejo.

Sa pagtatahip, makikitang hindi naman tahasang magkasalungat ang mga konsepto ng mga Pilipino at hindi rin naman pagtanggap lamang ng magkasalungat. Ang konseptong natahip naman ay simulain ng pagbubuo ng isang Pilosopiyang mapagpalaya na akma sa Pilosopiyang Pilipino.

Mga Susing Salita: *pagtatahip, Pilosopiyang Pilipino, kabalintunaan, loob, Alejo*

1 *This essay won the Top Outstanding Essay for the Don Isabelo Delos Reyes 2019 Essay in Filipino Philosophy. The underdeveloped paper is now substantially improved after going through several reviews.

PANIMULA

Ang papel na ito ay isa lamang pagtatangka na maka-ambag sa diskurso upang patuloy na maunawaan ang Pilosopiyang Pilipino. Tunay ngang napakalawak ng usapin tungkol sa Pilosopiya at hindi maaasahang makabuo ng isang unibersal na katotohanan mula sa partikular na sanaysay gaya nito sapagkat ni hindi malalaman kung saan nga ba ito magiging angkop. Lalo na't kahit naman ang mga Pilosopiyang Kanluranin ay nagkaroon na ng iba't ibang sangay at oryentasyon. Kung sabagay, hindi naman dapat maging basehan ang mga pagbabago sa Pilosopiyang Kanluranin ang pag-unlad ng Pilosopiyang Pilipino. Kaya gaya na lamang ng naging layunin ni Virgilio Enriquez sa Sikolohiyang Pilipino sa mga lumipas na dekada, hahayaan na lamang natin na ang isang partikular na pag-aaral gaya nito ay makapagbigay ng kontribusyon sa pang-unawang unibersal.²

Sa kadahilanang ito, nais ko na lamang magmungkahi kung ano nga ba ang dapat gawin sa ating pamimilosopiya bilang mga Pilipino. Hindi ito mungkahi kung *paano* dapat mamilosopiya ang isang Pilipino kundi kung *ano* ang mas angkop na ginagawa sa Pilosopiyang Pilipino. Sa aking palagay, sa pagtukoy ng deskriptibong ano ay mas naihahanda ang paglatag ng preskriptibong paano. Kapag sinabing “doing Filipino philosophy,” ito ay may agarang pakahulugan ng ‘paano’ sa ingles. Ngunit ito ay pang-unawa sa wikang hindi naman katutubo sa atin. Sa katunayan sa kaisipang Pilipino, ang pagtukoy kung paano ay maaaring kahalo na sa pag-unawa ng ano. Marahil nga ay kasama na rin ang bakit ganoon tayo mag-isip. Ito ay mas bibigyang-linaw sa pagpapatuloy ng sanaysay.

Ang papel na ito ay nahahati lamang sa dalawang bahagi. Sa una, nais kong talakayin ang pinaka kondisyon na naging hubog ng kaisipang Pilipino. Karugtong nito ay susubukan kong tukuyin ang dalawang konseptong maaaring hindi maging katanggap-tanggap sa Pilosopiyang Kanluranin, subalit ito ang katotohanan sa pagsipat ng isang Pilipinong kaisipan. Ang tinutukoy kong mga konsepto ay ang *paradox* o ‘kabalintunaan’ at ang *ambiguity* o ‘kalabuan’. Maaaring hindi ito katanggap-tanggap lalo na sa nabuong lohika na pangunahing pinormalisado ng Pilosopiyang Kanluranin. Inihahanda nito ang talakayan sa pagtukoy kung ano ang ginagawa sa pamimilosipiyang Pilipino.

Ang ikalawang bahagi ay maaari pang ipagpatuloy. Mula sa mga konseptong sinubukang bigyan ng saysay, ang kabalintunaan at kalabuan, nais kong tukuyin kung ano nga ba ang ginagawa ng isang Pilipinong pilosopo sa

2 Virgilio Enriquez, “Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon” sa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Patnugot ni Rogelia Pe-Pua. Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 1982), pp. 10-13.

kanyang pamimilosopiya. Ito ay akin lamang sapantaha. Marahil ang ginagawa niya o ang dapat niyang gawin ay *magtatahip* ng mga konsepto na naging balintuna o malabo.

Kaya naman sa sanaysay na ito, aking ipinapanukala na ang pagtatahip ng mga konsepto, sa paraang hindi naman perpektong angkop sa salitang *nuance* sa ingles, ay isang paraang makapagbibigay-linaw tungo sa pamimilosopiyang Pilipino. Samakatuwid, ang pagtatahip ay pangunahing kaparaanan sa pagbubuo ng Pilosopiya na mapagpalaya sa kabila ng kabalintunaan at kalabuan ng ating kaisipan at pag-uusap.

Sinipat din sa bahaging ito ang pamimilosopiya ni Pr. Albert Alejo tungkol sa loob ng tao. Sa bahaging ito, sana ay nakapagmungkahi na rin ako kung paano nga ba natin gagawin ang pamimilosopiyang Pilipino. Ngunit hindi ako lalampas dito at hahayaan ko na lamang ang iba na talagang pag-isipan, na kung ganoon nga ang tunay na kalagayan, paano nga ba natin bibigyan ng solusyon upang tayo ay makawala sa kabalintunaan at kalabuan? O dapat pa nga bang kumawala tayo rito? Marahil iyon talaga ay natatangi sa Pilipinong kaisipan dahil na rin sa mga karanasan natin sa ating kasaysayan at ang pagkahubog natin sa ating edukasyon na isang kolonisadong bansa.³

Kung may magpatunay na nagkamali ako sa ilang mga bagay, masasabi kong naging matagumpay na rin ako. Sapagkat hindi naman maitatama ang aking mga sapantaha kung hindi gagawin ang tamang pagtatahip – pagtatahip ng mga konsepto o pagtatahip ng mga naging dalumat ng iba sa mga konseptong aking inunawa.

Samantala, nais ko munang magbigay ng ilang pasintabi. Kahit may layunin ang sanaysay na ito na magkaroon ng isang katutubong pananaw, hindi ito makakamtan. Sapagkat hindi naman naglathala ng mga akda ang mga sinaunang Pilipino tungkol sa kanilang kalinangan. At kahit dumating na tayo sa

3 Renato Constantino, *The Miseducation of the Filipino* (Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1982), p. 2. Ayon kay Constantino, sa simula ng ikalabing-siyam na siglo kung kalian binigyan ng mga Amerikano ang karamihan ng mga Pilipino ng pagkakataong makapag-aral: “The majority of our educational leaders [continued] to trace their direct lineal descent to the first soldier-teachers of the American invasion army. They seem oblivious of the fact that the education system and philosophy of which they are proud inheritors were valid only within the framework of American colonialism.” Maaring sabihin na ito ay may kinalaman lamang sa ulat ng kasaysayan na tungkol sa pangingibabaw ng mga Amerikano sa bansa. Ngunit tila yata ito ay may pahiwatig din ng pangkalahatang lohika na hindi maaaring maging kapantay ng mga Pilipino ang mga Amerikano. Tingnan ang pagpapatuloy ng sanaysay sa dulo tungkol sa ‘either-or logic’.

panahon na laganap na ang paglalathala, nauna nang maglathala ang mga nasa Kanluran.

Kaya naman may mga pahayag na nakasulat sa ingles sa papel na ito. Minabuti kong hindi na ito isalin sa tatlong kadahilanan. Unang-una sa lahat, wala akong pormal na pagsasanay na magsalin. Magkakaroon na lamang ng mga “code shifting” sa papel na ito.

Ang isa pang kadahilanan ay may kinalaman na rin sa katotohanang pumasok tayong mga Pilipino sa kalinangang dayuhan sa atin. Ang sinasabi ko ay ang ‘*textual tradition*’ samantalang ‘*oral culture*’ ang mga sinaunang Pilipino.⁴ Masasabing ito rin ang dahilan kaya hindi natin tuluyang maangkin ang mga konsepto na makabuluhan sa Pilosopiya kahit pa sabihin nating ito ay may kinalaman sa pamimilosopiyang Pilipino. Sa katunayan at sa kabilang banda, may mga mababanggit sa papel na ito na hindi naman masasabing natatangi lamang sa mga Pilipino. Kung kaya’t may ilang akda na ang sumulat naman ay Pilipino, ngunit ito ay isinulat sa ingles. (Ngunit sa kabilang banda, meron din namang mga Pilipinong konsepto na hindi maaaring angkinin ng Pilosopiyang Kanluranin gaya ng konsepto ng loob. Bibigyan ito ng pagpapaliwanag sa ikalawang bahagi bagama’t maikli lamang.)

Panghuling dahilan kung bakit minabuti kong hindi na magsalin ay nais kong maging bukas ang sanaysay na ito sa mga hamon at pagtatama kung naiisip ng mambabasa na mali ang aking pagkakaunawa sa isang parikular na pahayag.

I. Ang Ating Pagkahubog

Ayon kay Bernardita Churchill, hindi naman pilosopiya ang pangunahing layunin ng kasaysayan. Ngunit ang totoo ay may mga masasabi ang mga historyador sa mga pilosopo, at kabaligtaran.⁵ Ito ang isang palagay na aking tinatayuan sa pagpapatuloy ng sanaysay na ito – na sa pag-usad ng kasaysayan ay nagkakaroon ng pagkahubog ang mga mamamayan sa kanilang lipunan at ito ay may ilang mga salik. Subalit hindi kakayaning maisama ang

4 Reinhard Wendt, “‘Talking’ and ‘Writing’” sa *Old Ties and New Solidarities*, patnugot nina Charles Macdonald and Guillermo Pesigan (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000), pp. 212-215. Tingnan na lamang din ang mga tradisyon ng ating mga alamat na kung saan nagtuturo ito ng mga hindi pormalisadong etika. Hindi ito maipapalagay kung sino ang nagsimula o sumulat nito. Nalalaman lamang natin na ito ay mga ‘*oral tradition*’ na nagmula sa mga partikular na mga rehiyon.

5 Bernardita Churchill, foreword sa *History, Philosophy, and Culture* (Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2010), vii.

mabusising pagsisiyasat ukol sa mga konseptong ilalahad sa mga susunod na talata. Sapagkat sinabi mismo ng isang pilosopo ng kasaysayan na si Rolando Gripaldo na may iba't ibang bilis ang ebolusyon ng pagkakahubog ng isang kulturang pagkakakilanlan. Sa katunayan, ang sa Pilipinas ay napaka bilis na hindi na rin halos masuri ang eksaktong kaibahan at pagkakatulad sa mga Kanluraning konsepto.⁶ Itinitiwala ko na lamang ang pag-uulat sa mga salik ng pagkahubog ng ating kultura sa pag-aaral ng ibang dalubhasa at historyador. Ito ay ipinagpapalagay ko na lamang na totoo at hindi maipapasubali sa ating karanasan.⁷ Ngunit maaaring maging buod dito ang sinasabi ni Alejo tungkol sa ating pagkasakop na “sapagkat ang pananakop ay isang bagay na panlabas, wala talagang tunay na pagbabagong-loob ayon sa kagustuhan ng mga Kastila.”⁸ Samakatuwid, naipasok lamang sa atin ang mga konsepto ngunit maaaring nananatili pa rin ang ilang mga bagay sa kung paano ito inuunawa ng mga Pilipino.

Sa kabila ng hindi tahasang pagkakatukoy ng pagkakaiba at pagkakapareho ng ating kalinangan sa kulturang Kanluranin, nagkaroon ng hubog ang kulturang Pilipino na nararapat lamang talakayin. Ayon sa antropologong si Melba Padilla Maggay Dahil mayroong tinatawag na “asymmetry of power relations” sa mga nangolonisa, nakasanayan ng mga Pilipino ang mga balintuna at malabong usapan.⁹

1.1. Kabalintunaan

Sa *Elements of FILIPINO PHILOSOPHY*, sinasabi ni Pr. Mercado na ang mga Pilipino ay “*non-dualistic*.” Bagama’t hindi ako sang-ayon sa kanyang paggamit sa salitang ito, ang kanyang ibig sabihin ay totoo. Sa gayon, mas pinipili kong

6 Rolando Gripaldo, *History, Philosophy, and Culture* (Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2010), p. 63.

7 Hindi naman isang pilosopo o isang historyador, nabigyang-diin ang mga salik na ito sa maikling akda ni Melba Maggay, *Pagbabalik-loob: Moral Recovery and Cultural Reaffirmations* (Quezon City: Institute for Studies of Asian Church and Culture, 1993). Magandang basahin din ang nabanggit na akda ni Constantino at subukang pag-isipan pa ang mga direktang hubog nito sa ating kaisipan.

8 Albert E. Alejo, S.J, *Tao pô! Tulóy!* (Quezon City: Ateneo de Manila University, Office of Research and Publications, 1990), p. 37. Nakuha ito ni Alejo sa *Contracting Colonialism* ni Vicente Rafael na hindi ginamit sa kasalukuyang akda.

9 Melba Maggay, *Pagbabalik-Loob: Moral Recovery and Cultural Reaffirmations* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1993), p. 4.

gamitin ang salitang holistikong pananaw ng mga Pilipino.¹⁰ Ibig sabihin nito, hindi kompartmentalisado ang pagtingin ng mga Pilipino sa buhay. “*The Filipino*,” ayon kay Mercado, “wants to harmonize the object and the subject.” Dagdag pa niya na ang “*spirit of harmony*” na ito ay katulad ng “*Chinese Yin-Yang philosophy which recognizes the antinomy between the Yin and Yang principles and yet tries to harmonize both.*”¹¹ Samakatuwid, sa ganitong paghahambing nagkakaroon ng makabuluhang pag-uugnay ang Banal at ang sangkatauhan, at iba pang natalakay sa kanyang akda.

Ito ang dahilan kung bakit kinikilala ng isang Pilipino na magkaiba ang kaluluwa sa katawan. Ngunit para sa kanya, hindi mapaghihiwalay ang isa’t isa. Hindi ba’t ang pang-unawang ito ay dualismo at hindi “*non-dualistic*” ngunit holistiko? Sa katunayan, ipinunto ni Zeus Salazar ang pang-unawa ng mga Pilipino na ang “kaluluwa” ay isang anyo na ‘hindi maaaring mamatay’ at nandito ang elementong moral ng isang pagkatao. At ang “ginhawa” naman ay may kinalaman sa mabuting pakiramdam, kalusugan, at maalwang ‘pamumuhay dito sa mundo’. Ngunit “[n]apatunayan na pundamental para sa pagkakaintindi ng pagkataong Pilipino ang istruktura ng mga konseptong umiikot sa ‘kaluluwa’ at ‘ginhawa’.”¹² Kung gayon, kinikilala ng isang Pilipino ang magkaibang anyo ng kanyang pagkatao ngunit ito ay iisa at itinuturing na ‘kabuoan’ ng kanyang pagkatao.

Masasabing ang mga ganitong katangian sa kaisipan ng mga Pilipino ang nakapagdudulot ng kabalintunaan. Isipin na lamang natin na kung nais ng mga Pilipino na pagsang-ayunin ang paksa (subject) at bagay (object), hindi

10 Bagama’t ginamit ni Pr. Mercado ang salitang ‘holistic’ sa kanyang akda, mas naging madalas ang kanyang paggamit ng ‘non-dualistic.’ Ngunit dahil sa mga kasalukuyang paglilinaw sa salitang “dualism,” ito ay maaaring intindihin na “conceptually divided” habang hindi naman sinasabing “concretely divided.” Iniayon ko ang paggamit ng salitang ‘holistiko’ sa ikatlong kabanata ng akda nina Perseville Mendoza, Ma. Theresa Payongayong at Jeanette Yasol-Naval, *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto* (Unibersidad ng Filipinas: Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 2011).

11 Leonardo N. Mercado, *Elements of FILIPINO PHILOSOPHY* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974), p. 191.

12 Zeus Salazar, “Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya” sa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*, pat. ni Rogelia Pe-Pua (Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 1982), p. 83. Sa akin ang mga diin.

kaya ito makapagbubunga ng kabalintunaan sa ating pangungusap?¹³ O kung pagsasang-ayunin ang Banal at sangkatauhan? ang ginhawa at kaluluwa? kahit ang tahasang pagkakaiba ng wika at gawa? atbp. Sa katunayan, kahit ang *Speech-Acts theory* na isang pagteteorya mula sa Kanluran ay umaayon dito na kung saan ang salita ay hindi lamang upang makapagbigay ng impormasyon kundi para magdulot ng gawa.

Ang mga bagay na ito ay nais ipanatili sa kaisipan ng mga Pilipino na magkaiba, ngunit hindi naman masyado dahil ang mga ito ay mayroon pa ring pagsang-ayon. Hindi nga ba ito ay nagiging balintuna? Maaaring hindi ito katanggap-tanggap sa lohika ng Kanluran. Ngunit tila ito ay katulad ng sinasabi ni W.V. Quine na “veridical paradox” na kung saan ang konklusyon ay totoo sa kabila na ang mga panukala sa argumento ay tila di kasanga-sang-ayon.¹⁴ Nakakaintriga din na ganito ang pananaw ni Quine tungkol sa mga bagay na ito,

*I would not limit the word ‘paradox’ to cases where what is purportedly established is true. I shall call these, more particularly, veridical, or truth-telling, paradoxes. For the name of paradox is suited equally to falsidical ones.*¹⁵

Gayunpaman, tila yata sa huling pangungusap, ang salitang *paradox* dito ay nagkakaroon ng pakahulugan na gaya mismo ng *contradictory* na masasabing tahasang magkasalungat. Hindi ito ang pakahulugan na makikita mismo sa diksyunaryong ingles. Ang *paradox* ay ‘*apparent contradiction*.’ Ibig sabihin, ito ay *tila* magkasalungat lamang. Kaya tama na sabihin ni Quine na hindi dapat limitahan dito ang pakahulugan nito. Dahil kung titingnan ang *veridical paradox*, ito ay mas malapit sa pakahulugan sa diskyunaryo na “*seemingly absurd or self-contradictory statement or proposition that when investigated or explained may prove to be well founded or true.*”¹⁶

Samakatuwid, maaaring unawain ang kabalintunaan na isang kaso ng ‘*a* at ‘*b*’ lamang, at hindi ‘*a* at ‘*-a*’ na tahasang magkasalungat. Maaaring sa pagtingin ng isang Pilipino, ang kaluluwa at ginhawa (ng katawan), ang Banal at sangkatauhan, atbp. ay hindi talaga kaso ng ‘*a* at ‘*-a*’. Kundi ‘*a* at ‘*b*’ lamang.

13 Sa aking palagay, hindi rin masyado naging malinaw rito si Mercado. Ngunit ito ay hango sa kanyang paglilinaw tungkol sa kanyang ideya na ang pananaw ng mga Pilipino ay “non-dualistic”: “This should not be taken as either an emphasis on the subject (idealism) or an emphasis on the object (materialism).” Ito ay pagbibigay-diin sa pagsang-ayon ng dalawa.

14 W.V. Quine, *The Ways of Paradox and Other Essays* (New York: Random House, 1966), p. 5.

15 Quine, *Ways of Paradox*, p. 5.

16 New Oxford American Dictionary, version 2.3.0, 2018.

Madaling sabihin na tahasang magkasalungat ang liwanag at dilim sapagkat ang kawalan ng liwanag ay magdudulot ng kadiliman. Subalit hindi masasabi na ang hindi Banal ay pagiging tao, o ang agarang kabaliktaran ng kaluluwa ay katawan (ang salitang ginhawa pa nga ay masasabing pagsasanib o pagkakapatong ng dalawa. Ang tungkol sa kaluluwa at ginhawa ay binigyang-linaw ni Salazar na nabanggit sa itaas. Samantalang ang pagsasalungat ng Banal at sangkatauhan ay hindi rin naman tahasan. Ang tahasang kabaligtaran ng Banal ay 'hindi Banal', anuman ang ibig sabihin nito. At ang tahasang salungat ng tao ay 'hindi tao', anuman din ang ibig sabihin nito. Sa katunayan, hindi maaaring ipagpatunay na ang tao ay likha sa wangis ng Diyos kung ang Banal at ang sangkatauhan ay tahasang magkasalungat. Hindi ito ang tunguhin ng usapin ngunit magandang isaisip ito sa Kristianismo.¹⁷

Sa pag-aaral ng pilosopikong teolohiya, maingat na binibigyan ng tahasang pagkakaiba ang Manlilikha at ang mga nilikha. Bagama't mayroong pakinabang dito, marahil ang ganitong pagsasalungat ay wala sa kaisipan ng mga sinaunang Pilipino. Ito ay pinatunayan mismo ni Isabelo delos Reyes. Sabi niya, para sa isang "katipunero philosopher"

*...they experience the presence of Bathala everywhere: in the sun, on the sea, in the forests, in places called for by a particular situation, like in perils, in beauty, in strength, any kind of courageous acts.*¹⁸

Sa patuloy na pag-unlad ng pag-aaral ng teolohiya, masasabing may mga pang-unawang makahahamon sa ganitong kaisipan. Ngunit hindi ito ang layunin ng papel na ito. Ipinakita lamang ang hayag na kabalintunaan sa mga konseptong nabanggit. Bagama't may malaking pakinabang talaga pag-ibahin ang Manlilikha sa mga nilikha para hindi sambahin ang mga nilikha, ang pagsang-ayunin naman ang mga ito ay mapaninindigan din natin. Mapapayabong nito ang ating pagmamahal sa ibang tao at sa ibang mga nilikha gaya ng pagmamahal natin sa Siyang lumikha. Hindi ba balintuna? Ngunit kayang mapag-isipan ng malinaw.

Tumungo naman tayo sa isang katangian na naging bunga ng ating pagkakahubog. Ito ay ang pagiging malabo sa usapan.

17 B. Moreno Bragas, *Paradox: Interdisciplinary Essays on Christian Theology* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2020), pp. 101-102, 105-106.

18 Isabelo delos Reyes, *The Religion of the Katipunan or The Old Beliefs of the Filipinos*, salin ni Joseph Martin Yap (Quezon City: The Toyota Foundation – UP Press, [2002] 1901), p. 31.

1.2. Kalabuan

Para kay Florentino Timbreza, ang kaisipang Pilipino ay:

1. *philosophy of life than a philosophy of being*
2. *metaphorical rather than literal*
3. *concrete rather than abstract*
4. *personal rather than impersonal*
5. *practical and socio-ethical, rather than theoretical and cognitive*
6. *particular than universal*
7. *more rhetorical and functional than logical and empirical*¹⁹

Pansinin na maliban sa (2) at (7), ang katangian ng pamimilosopiya ng mga Pilipino ay mas lapat sa aktwal na pamumuhay ng mga tao. Bagama't ang praktikalidad ay nagtatagpo sa pagiging *empirical* (7) – dahil kailangan ng karanasang praktikal sa pag-unawa ng kung anong totoo sa paligid – ito ang simula na kung saan ang Pilipino ay nagiging *rhetorical* at nangangailangang maging *metaphorical* (2). At sa ganito, dumadaplis na lamang sa (4) dahil hindi nagiging direkta: ayaw makasakit, kumbaga, dahil mas personal ang tama ng mga argumento. Kaya naman nagiging pahaging na lamang ang mga pahayag.

Sa mga katangiang ito na inilatag ni Timbreza ukol sa kaisipang Pilipino, tingnan ang dayagram na ito na maaaring maglarawan sa klase ng lohika na mayroon ang isang Pilipino. Subalit hindi rin naman ito masasabing may kakulangan. Dahil sa pagiging matalinghaga minsan, na hindi masyadong malinaw, nagagawa pa rin nitong maipahayag kung ano ang ibig sabihin.




Figure 1. Katumpakan ng Lohika

19 Florentino Timbreza, *Filipino Philosophy Today* (Quezon City: National Book Store, 2008), xvii-xix.

Isa na naman ito sa mga salik kung bakit nagiging malabo ang pag-uusap ng mga Pilipino. Sa katunayan, ito rin ay maaaring pasubalian. Ngunit hindi na ito matatalakay sa ikli ng papel na ito. Maaari na lamang nating tingnan ang isa pang kawili-wiling akda na ang pamagat ay *Pahiwatig* ni Melba Maggay.²⁰

Kaya naman kahit tila negatibo ang pagbibigay ng katangian na malabo ang pag-uusap ng mga Pilipino, ito ay kailangang ilagay sa tamang konteksto. Halimbawa, ang salitang 'iwan' ay tila negatibo. Ngunit kung ilalagay ito sa konteksto na iniwan na ang bisyo, ito ay positibo. Ang 'apaw' naman ay tila positibo dahil nagsasabi ito ng kasaganaan. Ngunit negatibo rin ito kung maraming nasasayang.

Ang pagiging malabo ay maaaring maging positibo lalo na kung ito ay may konsiderasyon sa ilang mga bagay. Muli, konteksto ang makapagsasabi nito. Sa kontekstong Pilipino ang labo ng mga usapan ay madalas may kinalaman sa kung sino ang nasa kapangyarihan – ang nabanggit na “asymmetry of power relations” sa itaas. Minsan ay may mga ipinapalagay sa usapan na maaaring hindi na idetalye pero nauunawaan ng mga nag-uusap. Ang kalabuan din ay nabibigyan ng linaw kung idadagdag ang mga usapang *nonverbal*. At may mga konsiderasyon din sa personal na relasyon ng mga nag-uusap kaya lumalabo ang usapan na ipinupunto rin ni Timbreza.²¹

Base sa mga katangiang nabanggit sa itaas, nasabi ni Timbreza na ang klase ng lohika na mayroon ang mga Pilipino ay matatawag na “Filipino value logic” na kung saan ito ay nagbibigay importansya sa ilang konsidersayon. Dagdag pa niya,

*Filipino value logic is neither valid nor invalid by Western Standards, neither fallacious nor illogical by Western logical principles; but it may be either functional or nonfunctional, operational or nonoperational, appropriate or inappropriate, proper or improper, by the value system of the Filipinos themselves.*²²

20 Melba Maggay, *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002).

21 Timbreza, *Filipino Philosophy Today*, xviii. Tingnan din ang Melba Maggay, *Understanding Ambiguity in Filipino Communication Patterns* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1999). Tingnan din ang kay B. Moreno Bragas, “The Filipinos in Their Hybrid Logical Conversations” sa *PBIC Journal of ASEAN-Plus*, vol.1 no.1, January 2017, pp. 51-67. Sa kontekstong Pilipino ang labo ng mga usapan ay madalas may kinalaman sa kung sino ang nasa kapangyarihan, sa mga ipinapalagay sa usapan na maaaring hindi na idetalye, mga usapang *nonverbal*, at sa personal na relasyon ng mga nag-uusap na ipinupunto rin ni Timbreza.

22 Timbreza, *Filipino Philosophy Today*, xxi.

Sa katunayan, ang sinabing ito ni Timbreza ay nagkaroon din ng problema sa sanaysay na ito. Ang pagkakasabing “*functional or nonfunctional, operational or nonoperational, appropriate or inappropriate, proper or improper*” ay mga kaso ng ‘a o –a’. Sa una ay masasabing ito ay dahil na rin sa (T) na may layuning *rethorical* ang ginagawang pagbibigay saysay ni Timbreza. Maaaring intindihin ang pahayag na ito na taglay ang ganitong katangian at tanggapin na lamang na may kakayanan ang isang Pilipino na intindihin ang ganitong kapahayagang malabo at may posibilidad ng tahasang pagsasalungat sa mga konsepto.

Gayunpaman, masasabing ito ay hindi mga kaso ng ‘a at –a’. Ito ay mga kapahayagang may katumbas na ‘a o –a’ lamang. Hindi naman sinasabing ang *Filipino value logic* ay parehas na *functional* ‘at’ *nonfunctional*, o *appropriate* ‘at’ *inappropriate*, o *proper* ‘at’ *improper*. Ito ay pagpili lamang sa isa ayon sa konteksto ng pagpapahalaga ng mga Pilipino (‘a o –a’).

Sa pagkakahubog ng mga Pilipino na may nakaraan sa kolonisasyon, maipagpapalagay na lamang natin na marami sa ating usapan ay malabo at balintuna. Nakasanayan natin ito kahit pa minsan ay sumasabay din naman tayo sa linis ng lohika na hinihingi ng sitwasyon, lalo sa akademiya. Ngunit kahit naman sa ating larangang ito, madali pa rin tayong nagkakaunawaan tuwing sinasadya nating maging malabo at balintuna. Ito ay totoo kahit sa ating pagiging pamimilosopiya. Sa pagtingin sa pamimilosopiya ni Alejo, makikitang ito ang masasabing di sinasadyang metodolohiya at tahimik na metapora sa kanyang akda. Bibigyan ito ng ilang mga pagtingin sa ikalawang bahagi, ngunit naaayon lamang talakayin muna kung ‘ano’ ang kaparaanang ito.

II. Ang Deskriptibong Ano

Ang ginawang maikling diskurso sa mga talatang ayon kay Timbreza bago ang bahaging ito ay ‘paglilinaw’. Sa pangkalahatang sipat, ito ang ‘deskriptibong ano’ na tinutukoy sa simula ng sanaysay. Dahil nga ang kaisipan ng mga Pilipino ay maraming kabalintunaan at kalabuan, nararapat lamang sabihin na ang pinaka solusyon ay gawing malinaw ang mga bagay-bagay. Ngunit nais kong gumamit ng mas angkop na termino sa deskriptibong ano na ito. Gaya ng nabanggit sa simula pa lamang, ito ay ang ‘magtahip’.

Sa larangan ng iskolarsip, ang mahigpit na paglilinaw ay tinatawag na “*nuancing*” o ang paglalantad ng “*subtle difference*” ng mga konsepto. Dahil nga ang pagkakaiba ay banayad lamang, hindi agad-agad na makikita ang pagkakaiba. Sa kasamaang-palad, ang paglilinaw na ito ay walang salin sa Filipino. *Kaya naman nais ko na lamang imungkahi ang salitang ‘tahip’ na magbibigay konotasyon sa ganitong konsepto* (ngunit hindi rin naman tuwiran na aking bibigyan pa ng paliwanag na may kinalaman sa lohika).

May dalawang kadahilanan sa mungkahing ito. Una ay may kinalaman sa hamon ni Enriquez sa pagkakaroon ng mga katutubong konsepto mula sa ating wika, kultura at karanasan. Pangalawa ay sa mga kadahilanang natalakay na. Hindi sapat ang pagpapakita ng pagkakaiba, kundi ang pagkakaiparehas din ng mga konsepto – dahilan kung bakit ang mga ito ay maaaring magsang-ayon.

Bilang mga Pilipino, tila yata nakakabit na sa ating pagkakakilanlan ang pagkain ng bigas. Sa pagbili ng bigas na nagiling na at handa nang isaing, may mga pagkakataon pa rin na kailangang magtahip, o *to winnow* sa ingles. Ito ay ang pag-alis ng ipa o dumi sa pamamagitan ng paghagis at pagsalo muli ng mga bigas gamit ang bilao. Malamang ay hindi ito karaniwang karanasan ng mga kasalukuyang Kanluranin. Kaya naman masasabing ito ay nakapaloob sa diwa ng mga Pilipino (bagama't ito ang pangunahing pagkain ng mga taga-Silangan).²³

Mayroon pang isa na madalas ginagamit sa pagbibigay-linaw ng mga konsepto sa mahigpit na pag-aaral. Ito ay tinatawag na 'paghihimay' o *deboning* sa ingles. Madalas na maririnig ang pagpupuri sa isang tao na magaling magturo na: "Ang husay ng pagkakahimay sa bawat linya ng mga talata!" Sa katunayan, magagamit din ito (i.e. paghihimay) bilang konsepto ng *nuancing* sapagkat ito ay paghihiwalay ng magkaibang elemento ng pagkain (i.e. ang buto at ang laman). Subalit kitang-kita ang pagkakaiba ng hinihimay. Samantalang sa *nuancing*, ang pagkakaiba ay hindi masyadong halata sapagkat tila ito ay magkatulad pa rin dahil banayad ang pagkakaiba.

TABLE 2. Paglilinaw ng Konsepto²⁴

TERMINO	KAHULUGAN
<i>Nuance</i>	<i>subtle difference in or shade of meaning</i>
<i>Debone</i> (Maghimay)	<i>remove the 'bones' from ('meat, poultry, or fish')</i>
<i>Winnow</i> (Magtahip)	<i>remove (chaff) from grain</i> <i>*chaff from piles of 'unhusked rice'</i>

23 Isang rebyu ang nagsabing "Ayon sa mga saliksik ng ilang antropologo mula sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanao, mukhang sa Ika-19 na siglo lamang nagsimulang umangat ang konsumpsiyon at naisentro sa diyeta ng malawakang populasyong Pilipino ang bigas. Bago rito, mas madalas kumain ang iba't ibang pamayanan sa Pilipinas ng sago, kamote, at iba pang mga uri ng tanim sa ilalim ng lupa." Ngunit tila hindi ito kategorikal na tama sa buong bansa. Ang umangat noong ika-19 na siglo ay pagkakaroon ng mga pagkaing *Chinese* na may pangalang Espanyol gaya ng *arroz caldo*, atbp. Sa katunayan, 3,400 B.K. pa ang pagkain ng kanin na dala ng *Indo-Malaysians, Chinese*, at mga *Vietnamese*. Tingnan ang "A History of Food" sa <https://theworldinapocket.com/>. Sa ganitong usapin, maaaring makapagsimula ng diskurso tungkol sa kulturang Pilipino.

24 Ang mga kahulugan ay minsan pang mula sa New Oxford American Dictionary, version 2.3.0, 2018. Sa akin ang mga diin.

Kaya naman bilang pangalawang kadahilanan, masasabi kong mas angkop pa rin ang paggamit ng salitang 'tahap'. Bagama't ang intensiyon ng *nuancing* ay para maipakita ang hindi halatang pagkakaiba, ito pa rin ay gaya ng paghihimay na may layuning ihiwalay ang magkaiba. Samantalang ang pagtatahip ay:

oo, ito ay para ihiwalay ang bigas sa ipa. Ngunit ang kadalasang naihihiwalay sa pagtatahip ay palay na hindi lamang nagiling nang maayos. Samakatuwid ito ay butil pa rin ng bigas na kung pagtutuunan pa ng pansin ay maaari rin namang isama sa mga bigas na nagiling na. Ibig sabihin, ito nga ay magkaiba. Ngunit kung magbibigay pa ng konting pagsisikap ay hindi rin naman talaga naiba. Wala nga lang gumagawa nito.

Ngunit marahil ay ganito ang patuloy na dapat gawin sa pamimilosopiyang Pilipino.

Sa palagay ko, ito ang angkop na ginagawa sa pagbuo ng pilosopiyang Pilipino dahil sa ating holistikong pag-iisip. Marahil ito ang hindi pinangalanang sangkap ng metodo ng pag-aaral ni Mercado sa kanyang pagtingin sa *linguistic analysis* at *phenomenology of behavior* ng mga Pilipino. Ang metodolohiyang ito ay sa konsiderasyon ng mga lokalidad ng bansa at nagmula rin naman sa impluwensiya ng mga pilosopong mula sa Kanluran. "*Language is necessarily communitarian,*" ika niya, "*Wittgenstein therefore denies the existence of private language, that is, a language understood only by one person.*"²⁵ Pinapatunayan lamang nito na ang wika at kilos ng tao sa komunidad nito ay hindi maihihiwalay. Kaya naman kailangan magtatahip at ito naman ang ginawa ni Mercado sa bawat kabanata ng kanyang akda. Halimbawa na lamang ay ang pagtingin niya sa loob (ng Tagalog), buot (ng Bisaya) o nakem (ng Iloko). Inihanay pa niya ang ingles na pakahulugan sa bawat tahap ng konsepto.

Ganito rin ang ginawa ni Pr. Albert Alejo sa kanyang akdang *Tao pô! Tulóy!* Sa unang bahagi (*Tao pô!*) ay nagtatahip siya ng mga konsepto ng loob sa palagay ng iba't ibang dalubhasa.²⁶ Ito ay tila "nasa labas tayo, kumakatok, at sumisilip sa loob." Pagkatapos nito ay inihalo niya ang kanyang pagtatahip ng konseptong ito sa ikalawang bahagi (*Tulóy!*) ng kanyang akda. Ito ay para bang pagpasok sa loob at mula rito ay nagbubukas ng "pananaw papalabas."²⁷ Pansinin na hindi naman niya tuluyang tinalikdan ang mga palay ng iba, kundi nagtatahip siya ng kanilang mga konsepto hanggang sa tuluyan na siyang

25 Mercado, *Elements*, p. 40.

26 Alejo, *Tao pô!*, pp. 10-44.

27 Alejo, *Tao pô!*, ix.

makapaghalo ng mga sariling palagay ukol dito. Ito ang masasabing kanyang sariling palay na pinagtiyagaan.

Ang pagtatalakay ni Alejo sa 'loob' ang maaaring sundan bilang halimbawa ng pagtatahip. Ngunit dapat ipunto na ito ay hindi isang komprehensibong pananaliksik sa konsepto ng loob, kundi para lamang makapaglahad ng akmang halimbawa ng pagtatahip na may kinalaman sa kabalintunaan at kalabuan. Ni hindi ito masusing pag-aaral sa pilosopiya ni Alejo.

II.1. Mga Kabalintunaan sa Konsepto ng Loob

Sa simula pa lamang ng pamimilosopiya, ang masasabing mabungang pagmumuni-muni ay nasa kabalintunaan ng pagod at pahinga. Ito ay mabunga at hindi masasabing pamimilosopiya na walang praktikalidad dahil may "sapat na lapit sa karanasan sapagkat dala-dala pa sa katawan ang mga nangyari sa maghapon at may sapat ding layo upang makakita at makadama ng mga ugnayan sa mga bagay."²⁸ Sa kabuoan ng ating pagka-Pilipino at hindi lamang sa pagpapahinga pagkatapos ng nakakapagod na trabaho, ang ating loob ay nagdaan sa mahabang kasaysayan na nabanggit na sa unang bahagi ng sanaysay na ito. Ika nga ni Alejo tungkol sa pambansang alaalang ito,

ang bunga ng pananakop sa atin ay ang pagkalimot, ang pagkawala sa ating loob... Hindi sa tayo ay nagmumukmok sa loob, kundi dahil sa panghihimasok ng mga dayuhan, tayo ang nawalan ng tahanan, napalabas tayo sa ating sarili, nawala tayo sa ating loob.²⁹

Nararapat lamang na alamin at kilalanin muli natin ang ating sariling loob dahil tayo na rin mismo ang nalayo sa ating sariling kalinangan. Marami sa ating pagpapakahulugan at pagpapahalaga ay mula sa mga Kanluraning kategorya gaya na lamang ng pamantayan ng lohika na nabigyan na ng hamon sa unang bahagi.

Sinusubukan din nating intindihin ang loob na simpleng salungat ng labas. Ngunit ang loob ay "hindi basta '*hindi labas*'." Sa katunayan, ang loob ay "ang sisidlan at ang mismong nakasilid."³⁰ Ito ang mismong pagkatao at pagsiyasat pa sa kalooban nito. Ito rin ay masasabing "ubod at daigdig."³¹ Ang loob, sa pagsang-ayon kay Jose de Mesa, "ang siyang kasukdulang tagapag-ayos na sentro ng buong katotohanan ng tao" at ito rin "ang mismong kalawakan

28 Alejo, *Tao pô!*, p. 4.

29 Alejo, *Tao pô!*, p. 12.

30 Alejo, *Tao pô!*, p. 70.

31 Alejo, *Tao pô!*, p. 80.

(zone) ng pagkanilikha na siyang salalayan ng mga ideya, damdamin at pagkilos.”³² Mapapansing ang mga katagang ito ay hindi naman mula kay Alejo kundi kay de Mesa. Patunay lamang na ganito ang kabalintunaang pag-iisip ng mga namimilosopong Pilipino.

Kaya naman sa mga kabalintunaang ito, kailangan ding unawain ang sinasabing “iskultura at arkitektura ng loob.” Sapagkat kung titingnan lamang natin ang loob mula sa labas ay para bang tayo ay nakatingin lamang sa iskultura. Sa ganitong pinagmumulan ng tingin, maaari nating tingnan sa iba’t ibang anggulo at pananaw mula sa pagtingin ng iba o kahit ng ating sarili. Mula sa iba’t ibang pagtingin na ito, maaari nang gumawa ng karampatang pagtatahip at mapapatunayang ito ang ginawa ni Alejo. Subalit inihambing niya ito sa “isang antropologo na pinaikut-ikot sa kanyang harapan ang isang matandang palayok” o “parang tumatanaw sa dagat mula sa isang dalampasigan at hindi mula sa gitna ng paglalakbay.”³³

Kaya mas maaari pang mapayaman ang konseptong ito kung patuloy pang magtatahip ng mga pananaw tungkol sa loob *mula sa loob*. Ito ay ang arkitektura ng loob. Mula sa arkitetkturang ito, siguradong marami pa ang pagtatahip na maaaring gawin. “[A]ng tunay na nararanasan natin sa tingin at salat,” ayon kay Alejo, “ay isang iskultura lamang ng loob, hindi arkitektura ng loob.”³⁴ Kaya naman kailangang pumasok upang masaksihan ang espasyo ng tahanan. Dito rin tuluyang nalalaman ang lawak, laman at lalim ng kalooban at nagkakaroon ng makabuluhang pagtanaw sa labas. Masasabing iba’t ibang tahip pa ito ng reyalidad.

Bukod pa dito, tanong din ni Alejo kung paano maipag-uugpong ang dalawang magkalahis ng paglalarawan ng ubod at daigdig? Kaya sa kanyang palagay, ang loob ay “hindi lamang basta ontolohiya, kundi isang ontolohiyang etikal” sapagkat magkaugnay ang loob at pakikipagkapwa.³⁵ Samakatuwid, hindi lamang ito sukatan ng sariling pagkatao, kundi sukatan ng pagiging kapwa sa iba.³⁶ Kaya naman ang katuturan ng loob ay hindi makikita sa loob lamang kundi sa pakikipag-ugnayan nito sa labas na bunga ng kalooban.³⁷ Sa ganitong pang-unawa nagiging makabuluhan ang daing ng ating kapwa tuwing sumisigaw sila ng: “Utang na loob, tulungan ninyo kami!” Nagkakaroon

32 Alejo, *Tao pô!*, p. 30.

33 Alejo, *Tao pô!*, p. 73.

34 Alejo, *Tao pô!*, p. 73.

35 Alejo, *Tao pô!*, p. 81.

36 Alejo, *Tao pô!*, p. 30.

37 Alejo, *Tao pô!*, p.39.

din tayo ng pilosopikong pundasyon sa loob. Taliwas sa pang-unawa ng mga Kanluraning taga-labas, hindi totoong ang katagang ito ay dapat intindihin sa “sistemang palitan (reciprocity).” Sa katunayan, ang ating kapwa ay kaparte rin sa tulongan, may nagawa man noong araw o wala, dahil sa sila ay kapwa-tao at kaisa ng loob.³⁸

Ngayon naman ay tumungo tayo sa mga hindi gaano kalinaw sa konsepto ng loob.

II.2. Ang Kalabuan ng Konseptong Ito

Mula sa kabalintunaan na ang isang tao ay nasa kanyang sentro habang nabubuo ang isang ontolohikong daigdig na kayang maabot ng kamalayan, ng pandama, at ng kakayahan ang kapwa-tao, napatunayang hindi magiging malinaw ang pag-iiba ng sarili sa kanyang mundo. Patunay din ito na ang salitang loob ay isang “salitang-bukal” sapagkat “ang bukal ay bukas bagama’t puno” – isang balintuna.³⁹

Bilang salitang-bukal, may kakayahan ang konseptong ito na makapagsilang ng ibang salita (gaya na lamang ng ‘utang na loob’, ‘kagandahang-loob’, ‘pakikipagpalagayang-loob’, atbp.). Para kay Alejo, nagtataglay ito ng “higit sa kaya nitong taglayin sa sariling hangganan; may kasariwaan kahit na hindi natin alam ang pinagmulan nito at kung kalian ito unang nagbulwak ng tubig.” Samakatuwid ang loob “ay isang uri ng salita na tumatanggap ng katuturan at nakapagpapahayag ng iba.”⁴⁰

Ganito kalabo ngunit mayaman ang pagiging salitang-bukal ng loob. Sa sipi ni Alejo, ayon kay P. Arrupe:

Ang ganyang salita ay siksik sa kahulugan at napakahirap bigyan ng depinisyon, at dahil dito lubhang nakapagpapahiwatig. Kung paanong sa isang maliit na kabibe ay naiipon ang bulong at bangin ng karagatan, ang ganyang mga salita ay gumigising ng sari-saring diwa at damdamin.⁴¹

Sa katunayan, nagamit ng mga Kastila ang konseptong ito bilang maluwag na bayong na pinagsidlan ng iba pang konsepto tulad ng pagsisisi, awa, at maging langit upang magamit sa pagpapatingkad ng utang na loob ng mga Pilipino sa mga mananakop (38). “Subalit tulad ng ipinahihiwatig ng sari-

38 Alejo, *Tao pól*, p. 32.

39 Alejo, *Tao pól*, pp.54, 84.

40 Alejo, *Tao pól*, p.54.

41 Alejo, *Tao pól*, p. 55.

saring depinisyon ng loob,” ayon kay Vicente Rafael sa salin ni Alejo, “[b]igo ang pagsasalin kaya bigo rin ang pananakop. Hindi tunay na nasaklaw ang loob ng Tagalog.”⁴²

II.3. Pagtatahip ng Loob: Payak at Malinaw

Sa kabila ng sinasabing kabalintunaan at kalabuan ng konsepto ng loob, masasabi pa rin na ang loob ay (a) payak sa pagiging isang kalagayan bagamat malabo ang kahulugan ngunit (b) malinaw sa paninindigan para sa kapwa. Ito na naman ay tila isang kabalintunaan. Dahil minsan pa, ang kapahayagang ito (a) at (b) ay siguradong hindi naman ‘a at -a’ kundi ‘a at b’ lamang. Ang kabalintunaan ay (a) sa pag-unawa kung ano nga ba ang loob na tila madalas nagsasalungat (i.e. “ubod at daigdig” o “silid at sisidlan”). Ngunit ito pa rin ay (b) malinaw sa pakikipag-isa sa kapwa. Hindi ito (a) payak at (-a) hindi payak kung ano nga ba ang loob bilang isang kalagayan, o (b) malinaw at (-b) hindi malinaw sa pakikipag-isa sa kapwa. Ito ay (a) payak sa pagpapakahulugan at (b) malinaw din ito sa paninindigan bilang ontolohiyang etikal – o konsepto para sa pakikipagkapwa. Hindi ito (a) malabo at (-a) malinaw sa pagpapakahulugan o (b) may paninindigan sa pakikipagkapwa at (-b) walang paninindigan sa pakikipagkapwa.⁴³

Sa ganito kapayak na pakikipag-isa sa kapwa at linaw ng paninindigan ng loob tinapos ni Alejo ang kanyang akda sa kumpiyansang hindi siya nag-iisa. At kahit anong mangyari, meron siyang “kapanalig na kapwa” na nagnanasang magpakatao at makamtan ang paglaya sa pang-aapi.⁴⁴ Kaya naman tuwing mayroong mga kilusan, mapapansing minsan naman ay wala ang mga taong ipinaglalaban kung saan nangyayari ang kilusan. (Minsan pa nga ay hindi mga tao ang ipinaglalaban, e.g. mga hayop at kalikasan.) Ngunit sa payak na pakikipagkapwa at malinaw na panindigan, lahat tayo ay nasa loob ng sinuman na may sagutin sa mundo “ayon sa hinihingi at ininaalok nitong posibilidad.”⁴⁵

Maaari pang subukan ang pagtatahip sa mga sinasabing Pilosopiyang Pilipino, gaya ng naging tangka ng akdang ito sa pilosopikong konsepto ng loob ni Alejo. Ngunit sa aking palagay, ang Pilosopiyang Pilipino ay laging may kinalaman sa pagpapalaya at hindi lamang sa pagteteorya. Madalas itong

42 Alejo, *Tao pô!*, pp. 39-40.

43 Bagama’t hindi ganun kadirekta (sapagkat hindi naman parehas ng ontolohiyang etikal ni Alejo), marahil ay dumadaplis din dito ang katumpakan ng lohika ni Timbreza sa kanyang “Filipino value logic” na binigyan ng pagpapaliwanag sa unang bahagi.

44 Alejo, *Tao pô!*, p. 113.

45 Alejo, *Tao pô!*, p. 109.

nagiging usapin sa pagka-Pilipino sa mga kadahilanang nabanggit sa itaas tungkol sa pagiging isang kolonisadong bansa. Bagamat ito ang tunguhin, magsisimula muna ito sa tamang pagtatahip na ipinagpapalagay kong ginagawa sa pamimilosopiya.

Maikling Synthesis

Masasabing ang ginawa ni Alejo ay pagtatahip sa konseptop ng loob. Marahil ganito ang talagang ginagawa natin sa ating pamimilosopiya. Madalas nasasabi ng iba na ang lohika ng mga Pilipino ay hindi gaya ng “either-or” o *alinman sa isa* ng mga taga-Kanluran. Ang mga Pilipino raw ay kaanib ng mga Silanganin na ang lohika ay “both-and” o *parehong tanggap*. Ngunit sa mahigpit na aplikasyon ng mga makapanglahat na kategorisasyon ng mga lohikang ito (na nakasaad sa 1 at 2), ito ang aking argumento:

1. Ang ‘alinman sa isa’ o ‘*a o –a*’ ay sinasabing magkasalungat at iisa lamang ang tama. (sinasabing Kanluraning)
2. Samantalang ang ‘parehong tanggap’ o ‘*a at –a*’ ay tila sinasabing ang magkatunggaling pang-unawa na talagang magkasalungat ay parehong tama. (sinasabing Silanganin)
3. Sa pagtatahip na aking sinasabi na ‘deskriptibong ano’ ng ating pamimilosopiya, sana ay makita ng mga Pilipinong namimilosopiya na ang kabalintunaan na ating tinatahip ay mga kaso ng ‘*a at b*’ lamang. At kung hindi ito magagawa ay sadyang magkakaroon ng kalabuan.
4. Samakatuwid, hindi naman nagkakalayo ang pamimilosopiyang Kanluranin (1) at ang Pilipinong namimilosopiya (3). Nagkataon lamang na ang tuon ng Pilipino ay kung paano nagsasang-ayon ang tila magkaibang konseptop na maaaring agad lamang balewalain ng isang may Kanluraning kaisipan.
5. Sa katunayan, marahil ay masyadong sukduhan ang sinasabing Silanganing pag-iisip (2). Ngunit maaari naman itong patuloy na panindigan o masikap pang pag-aralan kung ganito nga ba (gaya ng ginawa sa papel na ito).

Ngunit hindi nagtatapos dito ang pamimilosopiyang Pilipino. Ito lamang ang pangunahing ginagawa sa paglilinaw. Ang pagtatahip sa mga konseptong Pilipino ay kinakailangang mamunga ng Pilosopiyang mapagpalaya at may paninindigan laban sa anumang uri ng opresyon mula man sa Kanluran o sa sariling kaisipan.

Paglalagom

Sa papel na ito, ipinaliwanag na ang pagkakahubog ng mga Pilipino ang nagdudulot ng kabalintunaan at kalabuan sa ating pag-uusap at kaisipan. Kaya naman dapat magtahip para sa isang Pilosopiyang Pilipino. At makikitang sa pagtatahip ay hindi naman tahasang magkasalungat ang mga konsepto ng mga Pilipino at hindi rin naman pagtanggap lamang ng magkasalungat. Sa huli, ang mga konseptong natahip ay magdudulot ng paninindigan at kalayaan tungo sa pagbubuo ng bagong kalagayan.

BIBLIOGRAPIYA

- Alejo, Albert E., S.J. *Tao pól! Tulóy!* Quezon City: Ateneo de Manila University, Office of Research and Publications, 1990.
- Bragas, B. Moreno. "Filipino Communication: Addressing the Fallacy of Ambiguity in Hybrid Logical Conversations." *PBIC Journal of ASEAN-Plus* 1, no. 1 (January 2017).
- . *Paradox: Interdisciplinary Essays on Christian Theology*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2020.
- Constantino, Renato. *The Miseducation of the Filipino*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies, 1982.
- Delos Reyes, Isabelo. *The Religion of the Katipunan, or The Old Beliefs of the Filipinos*. Translated by Joseph Martin Yap. Quezon City: The Toyota Foundation–UP Press, 2002. (Original work published 1901.)
- Gripaldo, Rolando. *History, Philosophy, and Culture*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2010.
- Maggay, Melba. *Pagbabalik-loob: Moral Recovery and Cultural Reaffirmations*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1993.
- . *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002.
- . *Understanding Ambiguity in Filipino Communication Patterns*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 1999.
- Mendoza, Perseville, Ma. Theresa Payongayong, and Jeanette Yasol-Naval. *Pamimilosopiya: Mga Pagdulog at Konsepto*. Diliman, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, University of the Philippines, 2011.

Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974.

New Oxford American Dictionary. Version 2.3.0. 2018.

Pe-Pua, Rogelia, ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Diliman, Quezon City: University of the Philippines Press, 1982.

Quine, W. V. *The Ways of Paradox and Other Essays*. New York: Random House, 1966.

Timbreza, Florentino T. *Filipino Philosophy Today*. Quezon City: National Book Store, 2008.

Wendt, Reinhard. “‘Talking’ and ‘Writing.’” In *Old Ties and New Solidarities*, edited by Charles Macdonald and Guillermo Pesigan, Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2000.

Tala sa may Akda

B. Moreno Bragas is an Assistant Professor at the University of the Philippines Los Baños where he teaches Ethics and Filipino Philosophy. He pursues a doctoral work in Philippine Studies at the University of the Philippines Diliman. He is also the convenor of Training Assistance and Holistic Itinerant Partnerships (TAHIP), an itinerant teaching ministry for aspiring Christian scholars.